TOMO 9 BILANG 6 | ISSN NO. 2599-5405 | ABRIL -HUNYO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# konek2CARD, UMABOT NA SA 2 MILYONG USERS; MAGHAHATID PA NG AKARAGDAGANG SORPRESA

ni Victor Angelo Aranza




*Bilang isang agent sa San Pablo City, tinutulungan ni Merel Panganiban ang kanyang kababayan na mag-cash in, cash out, at magbayad ng kanilang bills. Isa si Merel sa mahigit dalawang milyong registered users ng konek2CARD.*

Walong buwan matapos maitala ang isang milyong *registered users* ng konek2CARD, naabot ng *mobile banking app* ng CARD MRI ang dalawang milyon nitong *registered users*.

Nang magsimula ang kampanya ng konek2CARD noong Pebrero 2021, tumaas ang bilang ng *registered users* ng konek2CARD. Tumaas ito ng 285% sa loob lamang ng isang taon.

Dahilan din ng paglaking ito ay mula sa tulong ng mga konek2CARD agents, na kapwa mga kliyente rin ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI Rizal Bank (CARD RBI). Sila rin ay akreditado ng CARD MRI upang magsagawa ng mga pampinansyal na transaksyon sa mga komunidad.

2

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG ISANG DISASTER FINANCIAL RESILIENCY

*ni Victor Angelo Aranza*

Upang mapalakas at mapabilis ang pagbangon ng mga komunidad matapos ang mga natural na kalamidad, nagsagawa ang CARD-MRI Development Institute Inc. ng "Disaster Resiliency and Risk Financial Forum", na isinagawa sa CMDI Bay Campus noong Abril 11, 2022.

Dinaluhan ang nasabing

2

## BAGONG ULAT

SINEMAYA

## CARD MRI, NAGLUNSAD NG UNANG COMMUNITY FILM FEST

*ni Victor Angelo Aranza*

Inilunsad ng CARD MRI ang "SINEMAYA", isang kompetisyon ng paggawa ng maikling pelikula para sa mga kliyente at kawani nito sa kanilang Facebook Page noong Abril 22, 2022.

Sa temang "Magkaugnay ang lahat", ang kompetisyon

3

## KWENTONG TURISMO

# HIJOS TOURS, HANDA NG TUMANGGAP NG IN-PERSON TOUR NGAYONG 2022

*ni Lynfa Tan*



*Ang Hijos Tours sa isang heritage tour na kabilang sa kanilang Cocina de San Pableños Tour.*

Sa gitna ng mga hamong dala ng pandemya sa industriya ng turismo, unti-unti ng bumabangon ang mga *tourism enterprises* ngayong Marso 2022. Nang ibaba ang mga *alert level* sa buong bansa, mas naging madali ang pagkuha ng mga kailangang dokumento sa paglalakbay. Mas naging positibo ang Kagawaran ng Turismo sa progresong ito dahil muling magbubukas ang mga oportunidad sa turismo at makatutulong ito upang muli silang makabangon mula sa epekto ng COVID-19.

Ang CARD MRI Hijos Tours, isang *tour operator* na naka-base sa San Pablo City, Laguna at kasaping institusyon ng CARD MRI, ay isa sa mga kompanyang muling nagbubukas sa mga maglalakbay ng mga in-person tours.

Muling nagsagawa ng *in-person tour* ang Hijos Tours sa kanilang Cocina de San Pableños

2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Pang ilang sangay ng BotiCARD sa buong bansa ang binuksan sa Legazpi City?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# konek2CARD, UMABOT...

Bahagi rin ng pagtaas ng bilang ng konek2CARD *users* ay ang pagtaas ng bilang ng konek2CARD agent na umabot na sa 17,958.

Pinasalamatan naman ni CARD MRI Managing Director ang lahat ng mga kawani, kliyente at buong komunidad ng CARD MRI na sumuporta at naging katuwang sa pagtamo ng tagumpay na ito. Binigyang-diin din ni Dequito ang pagsuporta nito sa inisyatibo ng pamahalaan na isulong ang *financial inclusion* sa bansa.

Ayon naman kay konek2CARD champion and head of committee Cynthia B. Baldeo na marami pang dapat asahan na mas pinagandandang bersyon ng konek2CARD, ang konek2CARD Plus. Gagawin ng iisa ang lahat ng *mobile banking app* para sa lahat ng kliyente ng CARD MRI. Dapat din abangan ang mas pinahusay na seguridad ng paggamit ng *mobile banking app* at mas madaling paggamit nito.

Sa pagtatapos ng selebrasyong ito, ipinangako naman ng pamunuan ng CARD MRI na mas pagbubutihin pa nito ang mga digital na inisyatibo niyo upang mas mahusay ring matulungan ang pamilyang Pilipino at sa huli ay mawakasan na ang kahirapan sa bansa.

# HIJOS TOURS, HANDA NG ...

Tour. Ang programang ito ay kombinasyon ng isang *heritage tours* na tinatawag na Hijos de Siete Lagos at isang *culinary tour* na nagpapakita ng mga kakaibang pagkain sa lungsod.

Nagsimula ang *tour* sa isang suman *demo* na nagpapakita ng kahalagahan ng muling pagsasagawa ng mga pamanang resipi. Ang mga kalahok sa nasabing *tour* ay bumista rin sa Sampaloc Lake upang matutuhan ang tungkol sa pamumuhay ng mga ninuno noong hindi pa tayo nasasakop ng mga Kastila. Binista rin nila ang St. Paul the First Hermit Cathedral kung saan dito naiuugnay ang mga selebrasyong tulad ng pista, komunyon, at kasal.

Matapos nito at bumsita rin sila sa Forest Wood Garden kung saan natikman nila ang mga kilalang pagkain ng restawran tulad ng Pancit Kalabuko, isang uri ng pansit na gawa sa mga organikong gulay at Plantsadong lamang lupa, isang panghimagas na gawa sa isang uri ng lamang-lupa at gawa ito sa kakaibang pamamaraang ng pagluluto.

"Isa sa mga hindi ko makakalimutan ay ang paggawa ng Pansit Kalabuko kung saan hindi lang nila itinuro ang pagluluto nito ngunit tinuruan din ako nitong higit pang bigyang halaga ang maibibigay ng kalikasan tulad na lamang ng pagtatanim ng organikong gulay. Hindi lamang ito masustansya, ngunit nakatutulong pa ito sa ating *ecosystem*," ani Maxima Aima Veridiano, isa sa mga manlalakbay.

**Hijos Tours sa New Normal**

Para sa iba pang interesadong manlalakbay, ang Cocina de San Pableños ay maaaring i-avail sa tatlong *packages*: una ay ang Salig Tour. Ito ay kalahating araw na tour na nagkakahalaga ng PHP 2,949 bawat tao na mayroong *minimum* na limang katao. Kasama na sa *guided tour* na ito ang isang *private van transfer* at *travel insurance*. Sa Salig Tour, ang mga manlalakbay ay matutuhan ang pamanang kultura at *culinary tradition* ng San Pablo, Laguna kung saan ang paggawa ng suman ng isang San Pableña ang isa sa mga aktibidad. Bibisitahin din nila ang Sampaloc Lake at San Pablo Cathedral. Gaganapin naman ang kanilang tanghalian sa Pandin Lake kung saan ang mga manlalakbay ang siyang magluluto ng kanilang pagkain. Sila ang manghuhuli at mag-iihaw ng tilapia mula sa lawa. Sila rin ang mismong maghahanda ng kanilang ensaldang pako. Ang Salig ay isang salitang Cebuano na ang ibig sabihin ay tiwala.

Para sa ikalawang *package* ay tinatawag na Padayon namula rin sa isang salitang Cebuano na ang ibig sabihin ay magpatuloy at hindi sumuko. Ang *tour package* na ito ay kalahating araw na *tour* na nagkakahalaga ng PHP2,999. Kabilang sa *tour* na ito ang isang *tour guide*, *private van transfer*, at *travel insurance*. Tulad ng naunang *package*, bibisita rin sila sa Sampaloc Lake at San Pablo Cathedral ngunit sila ay mananaghalian sa Forest Wood Garden. Sila ay makikibahagi sa paggawa ng mga kakaibang pagkain ng Forest Wood Garden tulad ng Pancit Kalabuko at Plantsadong Lamang Lupa kung saan kukuhanin mismo nila ang mga sangkap sa mismong sakahan.

Ang panghuli ay ang Paglaum Tour na maaaring ma-avail sa halagang PHP4,499 kung saan ito ay pinagsamang karanasan sa Salig at Padayon Tour. Ang Paglaum ay isa ring salitang Cebuano na ang kahulugan ay pag-asa.

Bagamat tumatanggap na ng *in-person tour* ang Hijos Tours, patuloy pa rin silang tumatanggap ng *virtual tours* sa kanilang mga manlalakbay na nais pa ring maranasan ang kanilang Food Tour at Pilgrimage Tour na nagpapakilala ng iba't ibang simbahan sa Laguna kahit nasa loob lamang sila ng kanilang tahanan.

Ayon naman kay Hijos Tours President Marilyn M. Manila, siya ay positibo sa mahusay na kalalabasan ng bagong panahon ng turismo. "Sa Hijos Tours, umaasa kami na sa mga programang aming ginagawa, makatutulong kami sa komunidad at sa industriya ng turismo na makabangon mula sa epekto ng pandemya. Ang mga lokal na komunidad at ang kanilang mga kwento ay parating nasa puso ng aming mga ginagawa. Kaniya ring ibinahagi na malapit na ring tumawag ng mga manlalakbay ang Hijos Tours sa Samar-Leyte, Baguio City, Iloilo City, Davao City at Legazpi City para sa *heritage tours*.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa kanilang mga programa, bisitahin lamang ang kanilang opisyal ng Facebook page, @HijosToursOfficial.

# CARD MRI, NAGSAGAWA NG ...

pagtitipon ng mga lider sa *microfinance* at *microinsurance*. Nilalayon nito na mapag-usapan ang mga nakuhang pinakamahuhusay na mga gawi at kasanayan sa pagsuporta sa Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) upang mabilis silang makabangon matapos ang mga kalamidad tulad ng bagyo, lindol, at tagtuyot.

Sa unang pananalita ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagtitipong ito upang makausad kahit pa nasa kalagitnaan ng pandemya. "Kahit pa nakikita natin na ang mga tao ay unti-unti ng bumabangon mula sa paunti-unting pagbubukas ng ekonomiya, marami pa tayong dapat gawin upang matulungan sila. Marami pa tayong dapat matutuhan, at ang pagtitipon na ito ay makatutulong na mas mahusay na mapagsilbihan ang mga kliyente nito sa pamamagitan ng *risk disaster financing*," ani Dequito.

Samantala, binigyang-diin din ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder at Chairman Emeritus ng CARD MRI, ang importansya ng *microfinance* at *microinsurance* matapos mangyari ang isang sakuna. "Binuo namin ang CARD MRI upang sugpuin ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa mga pampinansyal na produkto, ngunit hindi ito simple. Ang mga kadahilanang mahina ang karamihang komunidad sa mga natural na sakuna ay nakaaapekto sa pag-usad ng mga Pilipino, at walang silang pagpipilian kundi ang muling magsimula," pagbabahagi ni Dr. Alip.

Upang mas maging mayaman ang pag-uusap na ito, nag-imbita ang CARD MRI ng mga kilalang tao upang magbahagi ng kanilang kaalaman at karanasan tungkol sa *risk financing*.

Sa isang diskusyon ni Principal Financial Sector Specialist of the Asian Development Bank (ADB) Mr. Arup Chatterjee na pinamagatang "Improving Climate Resilience of Poor and Developing Communities", pinag-usapan ang tungkol sa mga hindi pa nakikitang epekto ng pagbabago ng klima. Ayon sa kaniya, hindi lamang pisikal na panganib ang epekto ng pagbabago ng klima kundi may epekto rin ito sa ekonomiya, lalo't higit sa mahihirap na sektor.

Sinundan naman ito ng diskusyon ni Eduardo Jimenez mula sa Microfinance Council of the Philippines (MCPI) tungkol sa "Disaster Risk Reduction and Management, Best Practices and Experiences of MFIs." Sa kaniyang diskuyson, binigyang-diin niya ang kalidad ng seguro na kailangan ng mga komunidad. Ayon sa kanya, "mapa-life o non-life insurance, patuloy silang maghahatid ng tulong. Kailangan lamang na magpatuloy ang suporta sa mga pangangailangan ng mga kababaihan at iba pang komunidad.

Sa diskusyon naman ni Lorenzo Chan, ang Presidente ng Pioneer Inc., ibinahagi niya kung paano nagiging madali ang pag-akses sa seguro sa panahon ng kalamidad. "Nitong nagdaang dalawang taon kahit pa mayroong pandemya, patuloy na nananalanta ang mga kalamidad. Sinalanta pa rin tayo ng malalakas na bagyo kahit na may pandemya. Dito nakikita ang halaga ng pagkakaroon ng seguro kung saan nakatutulong ang industriya na muling makapagsimula ang mga pamilya at ang kani-kanilang mga kabuhayan. Ang papel ng *microinsurance* ay tulungan silang muling makabangon matapos ang trahedya.

3




## BAGONG ULAT

### CARD MRI, NAGLUNSAD ... (1)

sa paggawa ng maikling pelikula ay naglalayong itampok ang kwento at paglalakbay ng mga kliyente nito kasama ang CARD MRI habang tinutupad nila ang kanilang mga pangarap at pag-ahon sa kahirapan. Sa tagumpay ng mga kliyente nito, itinatatag ng CARD MRI ang matibay na pundasyon bilang isang organisasyong nakikipagtulungan sa mga tao tungo sa mas magandang kinabukasan, na sumasalamin sa tema ng ugnayan ng paligsahan.

Ang pangalan ng patimpalak ay nagmula sa mga salitang “SINE” at “MAYA”. Ang “SINE” ay salin mula sa salitang sinehan kung saan nanonood ng mga pelikula ang mga tao. Ang “MAYA” ay tumutukoy sa maya, isang uri ng ibon na matatagpuan sa bansa na sumasagisag sa pagiging simple, pagkamalikhain, at pagpapalakas ng isang komunidad, mga katangiang sumasalamin sa CARD MRI.

**Mekanika ng kompetisyon**

Ang paligsahan ay bukas sa mga *center* ng CARD o mga kliyente na may limang taon na o higit pang taon ng pagkakatatag. Maaari din silang tulungan ng kanilang kaanak at kawani ng CARD sa pagbuo ng kanilang maikling pelikula. Ang mga kawani rin ang magsisilbing kinatawan at *point person* ng *production team* ng *center.*

Ang lahat ng nagpasa ng *film proposal* ay sasailalim sa unang yugto. Ang mga mapipiling 20 *center* ay tatanggap ng papremyong PHP 2,000 at mga produkto mula sa CARD Astro na nagkakahalaga ng PHP 1,000.

Ang nangungunang 20 *center* ay sasailalim sa pagsasanay sa paguslat ng iskrip upang mas mapahusay pa ang kanilang kwento at kasanayan. Susunod ang ikalawang yugto kung saan pipiliin ang pinakamahusay na 10 mahuhusay na iskrip bilang mga *finalist.* Ang mapapabilang dito ay makatatanggap ng PHP 5,000 at PHP 2,000 halaga ng mga produkto mula BotiCARD.

Pagkatapos nito, ang CARD MRI ay maglalaan ng *video production training* at *acting workshops* upang higit pang matulungan ang mga *center* na bumuo ng kanilang mga *entry.* Ang pelikula ng mga kalahok na *center* ay dadaan sa pagsusuri sa katapusan ng taon at susundan ng pagkilala sa mga pinakamahuhusay sa iba't ibang larangan.

Nagpahayag naman ng pananabik ang CARD MRI Managing Director na si Aristeo A. Dequito tungkol sa mga *entry* ng mga CARD *center.* “Ang CARD MRI ay kasama na ng mga kliyente nito sa loob ng maraming taon. Kapana-panabik na makita at mapakinggan ang mga kwento ng pag-asa, inspirasyon, at dedikasyon ng ating pamilyang ating tinutulungan. Ang pelikula bilang aming napiling kasangkapan, ang tunay na magiging isang selebrasyon ng mga kwento ng aming mga miyembro sa pagkamit ng kanilang mga pangarap,” aniya.

Para sa karagdagang impormasyon sa paligsahan at mekanika nito, bisitahin lamang ang opisyal na Facebook page ng Online Ugnayan at Kwentuhan CARD MRI, @CARDkwento.

Make your next OOTD more colorful & natural with this Balangaw Komuni-box!



**P999.00/box**

For orders, contacts us at:
**0969-138-8626 | 0926-045-6705**

or message us on our Facebook Page:
**@HijosToursOfficial**

HIJOS TOURS

**INSIDE YOUR BOX**

are tie-dye coloring powders made from achuete, indigo, and betel nut. These plants are the coloring materials used by our ancestors in designing their fabrics for daily use.
Your box also includes:

*1 white shirt * 1 white shawl * tie-dye materials: rubber, gloves, and mordant * and some snacks to munch while dyeing your fabrics.*

You can grow these coloring plants on your own, too. We have included in your box some seeds you can plant.

Each box comes with an online worksho on how to tie-dye using these plants and how to grow your own natural coloring plants.

### CARD MRI, NAGSAGAWA NG ... (2)

Sa dulo, nagbahagi rin si Aika Robredo sa kaniyang karanasan bilang Executive Director ng Restart Micro-Enterprise Inc. (RestartME). Ayon sa kaniya, ang pagkakaroon ng seguro ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng MSMEs. “Hindi sapat ang pagkakaroon ng tulong pinansyal. Kailangan nitong masamahan ng mga programang higit pang makatutulong sa iba't ibang pangangailangan ng mga kliyente,” pagbabahagi niya.

Mula sa mga natutuhan sa usaping ito, layunin nitong makabuo nang mahuhusay na programang makapagpapalakas sa MSMEs matapos ang mga kalamidad na nananalata sa ating bayan.

Nang magsimula ang CARD MRI noong 1986, nakapagbigay na ito ng seguro sa 25 milyong indibidwal, nakapagsilbi sa walong milyong kliyente sa buong bansa. Upang matutuhan pa ang tungkol sa CARD MRI, mga institusyon, at produkto at serbisyo nito, bisitahin lamang ang official FB page nito sa @CARDMRIOfficial.

CARD Sulit Padala

Sa first time magpapadala, PISO lang ang charge basta P20,000 and below lang ang halaga. Talaga namang sulit di ba!

P1SO sa unang padala!

# BALITANG PANGREHIYON



## CARD MBA, BINUKSAN ANG IKA-80 PROVINCIAL OFFICE NITO

*ni Lynfa Tan*

Muling nagbukas ng panibagong provincial office ang CARD MBA sa Tamag, Vigan City, Ilocos Sur noong Abril 25.

Ang pagbubukas ng panibagong tanggapan ng CARD MBA ay pamamaraan ng Asosasyon upang patatagin ang presensya nito sa mas malawak na komunidad. Ito rin ay makatutulong upang mapabilis ang pagpoproseso ng claims ng benepsiyo ng mga nakaseguro sa CARD MBA.



## CARD MRI ASTRO LABORATORIES, NAGBUKAS NG PHARMACEUTICAL LABORATORY

*ni Victor Angelo Aranza*

Binuksan ng CARD MRI Astro Laboratories (CARD Astro) sa ilalim ng CARD MRI ang bagong nitong laboratoryo sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Abril 13, 2022. Sa pamamagitan ng bagong pasilidad na ito ng CARD Astro Lab, mas maraming oportunidad ang magbubukas para sa publiko at mas malawak na merkado ang mahahatiran nito ng kanilang produkto.





## CARD MBA, BINUKSAN ANG IKA-81 P.O. SA EL NIDO, PALAWAN

*ni Victor Angelo Aranza*

Upang mapalawak pa ang pagbibigay ng abot-kayang *microinsurance* sa bansa, binuksan ng CARD MBA ang ika-81 *provincial office* nito sa El Nido, Palawan noong Mayo 2, 2022. Mahigit sa 40,000 miyembro sa El Nido ang magkakaroon ng akses sa murang *insurance products.* Sa pagbubukas din nito ay mas madaling maisakatuparan ang 8-24 *claims strategy* na naglalayong maihatid ang benepisyo sa loob ng walo hanggang 24 na oras matapos ang aplikasyon. Ang bagong *provincial office* na ito na matatagpuan sa Sitio Pasto, Brgy. Villa Libertad.



## BOTICARD, BINUKSAN ANG BAGONG SANGAY SA LEGAZPI

*ni Victor Angelo Aranza*

Upang maghatid ng mas malawak na serbisyong medikal at pangkalusugan, muling nagbukas ng panibagong sangay ang BotiCARD sa Legazpi City noong Abril 4, 2022. Ang sangay na matatagpuan sa Penida Buiding, 1 Rizal Street, Legazpi City ay ang ika-12 sangay nito sa buong bansa. Ang pagbubukas na ito ay makapagpapalawak ng abot nitong makatulong sa mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng paghahatid ng mura at dekalidad na mga gamot at serbisyong pangkalusugan.



Follow
**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**
on his social media accounts!

Jaime Aristotle B. Alip
Jaime Aristotle B. Alip
@cardmrifounder
@cardmrifounder

# PINALAKAS NA KABABAIHAN, PAGBANGON NG TURISMO

*ni Caroline Alejo*

Ang turismo ay isa sa mga pinakaepektibong pamamaraan sa pagpapalakas ng mga kababaihan. May kakayahan silang bumuo at magmay-ari ng mga negosyo, makagawa ng trabaho para sa kanilang komunidad, at higit sa lahat, ay maging kinatawan ng kasaysayan, kultura, at kapaligiran.

Nang sumibol ang mga inisyatibo ng pamahaalan at pribadong sektor upang mabigyan ng oportunidad ang mga kababaihan, lumaganap naman ang COVID-19 na nagpahinto sa kanilang pag-usad patungong pag-unlad. Makalipas ang dalawang taon, unti-unti ng bumabangon ang industriya ng turismo mula sa hagupit na idinulot ng pandemya.

Upang maisagawa ito, kinakailangan na muling ibangon ang turismo na magpapatatag at magpapalakas sa mga kababaihan. Ang paglalakbay sa pagbibigay ng lakas sa ating mga kababaihan ang nagbukas ng maraming oportunidad sa industriya ng turismo.

Isang magandang halimbawa ay ang grupo ng kababaihan na tinatawag na “Mga Mangingisda at Bangkera ng Lawa ng Pandin” sa San Pablo City, Laguna. Mula sa pagiging simpleng maybahay, naging grupo sila ng *entrepreneurs* na hindi lamang nakatutulong sa kanilang pamilya, ngunit maging sa pagpapayaman ng kanilang kapaligiran, kultura, at pamayanan. Dahil dito, mayroon na silang maipagmamalaki. Hindi man ito naging madali dahil may mga panahong nawawalan sila ng pag-asa, ngunit sa katatagan ay kinakaya nilang basagin ang mga hadlang sa kanilang pag-usad.

Malaki ang kontribusyon ng kababaihan sa industriya ng turismo. Sila ang naghahatid ng iba’t ibang klase ng serbisyo tulad ng *tour guiding* at pagbuo ng mga produktong *handicrafts*, mga habing tela, mga pagkain, at iba pa. Maliban sa suporta ng gobyerno, malaki ang maitutulong ng mga institusyon mula sa pribadong sektor sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga kababaihan para sa turismo.

Tulad na lamang ng CARD MRI na pinagsama ang turismo at *financial inclusion* sa bansa. Ang mga kababaihan sa Pandin ay unang nagsagwan ng mga balsa sa lawa habang ang kanilang mga asawa ay may kaniya-kaniyang trabaho sa labas ng kanilang komunidad. Mula sa serbisyong pampinansyal na kanilang natatanggap, ang mga kababaihang ito ay may akses na sa *loans* at *savings* na nakatutulong upang maisaayos nila ang kanilang mga balsa, magsimula ng bentahan ng pagkain, at negosyong pangtransportasyon upang maihatid ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ang Hijos Tours, isa sa mga kompanya ng CARD MRI, ang tumutulong naman sa komunidad ng mga kababaihan na ito sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *tour program* na kasama ang serbisyo nila para sa mga turista.

Mahalaga ang boses at pananaw ng mga kababaihan sa paglago ng turismo. Habang patuloy na bumabangon ang turismo, patuloy natin silang tulungan upang patuloy din nating mapalago ang turismo ng bansa.

THE MFI NEWSWIRE IS NOW LIVE!

Visit our website to read about the initiatives of the microfinance industry in the Philippines.

www.mfinewswire.com




@MFInewswire

# EDITORYAL




## Pagtayo ng maliit na negosyo, pagtayo sa sariling mga paa

Ayon sa Abril 2022 na datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), nasa 2.76 milyong Pilipino ang walang trabaho o *unemployed*. Bagamat mas mababa ito kaysa sa dating bilang, hindi natin maikakaila na hindi pa rin matatag ang ating ekonomiya sa kasalukuyang panahon. Marami pa rin ang mga nagbabadyang hamon sa ating ekonomiya, gaya ng mga panlabas na salik na nag-uudyok sa pagtaas ng presyo ng gasolina, pagkain, at iba pang mga pangunahing bilihin. Sa gitna ng pabago-bagong kondisyon ng pandaigdigang ekonomiya, nariyan pa rin ang kawalan ng kasiguruhan lalo na sa pampinansyal na aspekto ng mga pangkaraniwang pamilyang Pilipino. At kung may trabaho man, kadalasan ay sapat lang ito upang panustos ng mga bayarin at pang-araw-araw na gastusin – walang puwang ang badyet para sa mga *emergency* o biglaang pangangailangan sa buhay.

Kaya kailangang may gawin tayo.

Nakatala sa Department of Trade and Industry (DTI) ang datos ng mga Micro, Small, Medium Enterprises (MSMEs) sa Pilipinas noong taong 2020 kung saan ito rin ang taon na lumaganap ang pandemya. Mahigit 99% ng mga negosyo sa bansa ay nagmumula sa sektor ng MSME. Ang *micro enterprise* ay binubuo ng hindi lalagpas sa 10 empleyado; ang *small enterprise* naman ay nasa 10-99 na empleyado; habang ang *medium enterprise* ay nasa 100-199 na empleyado. Sa kabila ng hindi regular na kita, malaki ang kontribusyon ng sektor na ito sa mga kababayan natin na walang trabaho mula sa pribadong sektor, lalong-lalo na sa mga kababayan natin na malayo sa National Capital Region (NCR) kung saan naka-sentro ang mga kumpanya at trabaho.

Ang pagtayo at pagkakaroon ng sariling negosyo, gaano man ito kaliit, ay isang malaking ambag sa buhay ng isang pamilya. Ang pagkakaroon ng sariling negosyo ay isang hakbang upang patatagin ang pinansyal na kasiguruhan ng isang tao o pamilya. Tiyak na hindi ito madaling gawin dahil hindi rin ligtas ang mga negosyo mula sa paiba-ibang presyo ng mga pangunahing bilihin. Bukod pa rito, hindi biro ang matinding tiyaga, lakas ng loob, diskarte, at karunungan na kailangan sa pagnenegosyo. Gayunpaman, kailangan ang mga sakripisyong ito upang magtagumpay sa buhay. At sa tulong ng mga ahensya ng pamahalaan at iba pang mga pribadong organisasyon, may suportang nakalaan para sa mga taong nais magsimula ng sariling negosyo. Nangunguna dito ang CARD kung saan marami nang mga maliliit na negosyante ang natulungang makatayo sa sarili nilang mga paa at itaguyod ang kani-kanilang mga pamilya. Maraming inisyatibo ang CARD upang maalalayan ang pinansyal na kasiguruhan ng mga pamilyang Pilipino.

Sa ganitong paraan, magkaroon man ng mga *emergency* ay may puwang na ito sa badyet ng isang taong may negosyo. At sa ganitong paraan, mas maraming pamilya ang mayroong oportunidad upang pumasok sa pagnenegosyo.

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
*Publisher*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Aristeo Dequito Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Managing Editor*

**Jeffrey Tandingan**
*Associate Editor*

**Albert Dayag**
**Ervin Calabia**
**Medel Valencia**
*Layout Artist*

**Lynfa Tan**
**Victor Angelo Aranza**
*Writers*

**Caroline Alejo**
*Contributor*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Sub., San Pablo City, Laguna

**@CARDMRIOfficial**
Official Facebook page

**@CARDMRI**
Official IG account

**CARD MRI**
Official YouTube channel

**www.cardmri.com**
Official Website

# INVESTING TO MAKE A DIFFERENCE



**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**

CARD MRI Founder
and Chairman Emeritus

January ended on a positive note, with the launching by the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) of the National Strategy for Financial Inclusion (NSFI) 2022-2028. The BSP has championed inclusive finance since 2015, and the updating of the NSFI is a laudable move amidst the evolving financial landscape shaped by emerging consumer needs, rapid technological developments, and the COVID-19 pandemic.

About 7 out of 10 Filipinos are financially excluded, according to the BSP. This is based on the share of adult population who owns an account that can be used to store, send, and receive funds. Data show that financial exclusion disproportionately affects millions of Filipinos in the lower income class and those who are unemployed, less educated, and belonging to the younger generation. Senior citizens, migrant workers, persons with disabilities, indigenous peoples, forcibly displaced persons, and those who are excluded due to their religious beliefs are also underserved and unserved. Apart from them, many in the agriculture, micro, small and medium enterprises (MSMEs) and startup sectors, as well as informal workers are also financially excluded.

But things are improving. BSP said that over half (53%) of adult Filipinos had savings in 2019, an increase from 48% in 2017. Informal ways of saving remain prevalent among adults who save money, with nearly half (51%) of savers keeping their savings at home. Further inroads made toward inclusive finance will be captured by the Financial Inclusion Survey (FIS) that BSP will conduct from January through March 2022. The FIS results will be released in July, and hopefully, will identify gaps and priorities leading to more evidence-based policies toward inclusive finance. Meanwhile, the adoption of the new NFIS is a step in the right direction.

Why Financial Inclusion is Important

Financial inclusion is a state wherein there is effective access to a wide range of financial services for all, especially the vulnerable sectors. The key word there is "effective." The NSFI defines "effective access" as meaning not just the availability of financial products and services. It requires those products and services to be appropriately designed, of good quality, and responsive to the varied needs of individuals and businesses—whether for saving, payments, financing, investing, or getting insured.

Thus, financial inclusion is not an end in itself, but merely a means to ensure that financial services truly enhance the financial health of their users.

Financial inclusion is important because it helps lay the groundwork for sustainable and equitable national development. It enables individuals to access finance for their daily needs, recover from financial shocks, transact with others, benefit from government programs, and control their finances. It also facilitates business growth and livelihood opportunities for many low-income Filipinos, MSMEs, and other marginalized sectors. In fact, the supporting role of financial inclusion is explicitly recognized in seven (7) of the 17 Sustainable Development Goals.

Towards Inclusive Growth and Financial Resilience

The overall vision of NSFI 2022-2028 is "financial inclusion towards inclusive growth and financial resilience." It is focused on helping the most vulnerable, since, as stated earlier, financial exclusion disproportionately affects certain demographics. The approach, therefore, is two-pronged: first, promote market-based solutions for financial inclusion toward resilience, and second, recognize the importance of financial safety nets facilitated by government programs targeting the most vulnerable.

The NSFI defines four (4) desired outcomes as pathways to the vision and upon which performance of the strategy is measured. These are: (a) reducing disparities in financial inclusion; (b) improving financial health and resilience; (c) ensuring more financially capable and empowered consumers; and (d) increased access to finance by MSMEs and the agriculture sector. Along these lines, NSFI 2022-2028 pursues these strategic objectives:

1. Promote inclusive digital finance, through digital technologies that facilitate cost-efficiencies and innovation in the delivery of financial services to the low-income market and small enterprises;
2. Strengthen financial education and consumer protection, through digital financial literacy programs which can be delivered by various stakeholders;
3. Enhance access to risk protection and social safety nets, through cash assistance, health and unemployment insurance, disaster risk insurance, pension and other mechanisms of support to the vulnerable sector; and
4. Enhance agriculture and MSME financing ecosystem, through a financial infrastructure (e.g., credit guarantees, credit information registry) and legal frameworks (e.g., secured transactions framework) aimed at reducing the risks and associated costs of serving these sectors.

The Role of Community-Based Organizations

What is notable about NSFI 2022-2028 is its express recognition of the crucial role that community-based organizations play in financial inclusion. The new NSFI has a very comprehensive discussion on the context of financial inclusion in the country, who are the financially excluded, as well as the factors that inhibit and facilitate inclusive finance. Its discussion on the financial inclusion ecosystem includes the financial landscape, of which community-based organizations such as microfinance non-government organizations, mutual benefit associations (MBAs), and credit cooperatives are crucial components. Their inclusion in the NSFI is important because these organizations pioneered the transformative vision of making financial services accessible to poor people and sectors not served by the traditional banking system.

The NSFI's recognition that financial inclusion is multi-dimensional is also important. Financial inclusion is not a purely quantitative goal, which points towards 100% banking inclusion. Looking at account penetration is good – of course, people need access to accounts – but it tells us nothing about the use of such accounts, whether they have positive impact on people's lives. That NSFI 2022-2028 is adopting the same approach as community-based organizations, which – since time immemorial – have been monitoring not just access, but the social impact of their financial services. This is important because the intended beneficiaries – poor people, MSMEs, the informal sector – are not just financially excluded. They also suffer different forms of deprivation, which MFIs, MBAs, and credit cooperatives provide: finance, livelihood, microinsurance, financial literacy, health and other social services. This needs-based and client-focused approach that measures both the financial and social impact of financial services is unique to community-based providers.

MFIs, MBAs, and credit cooperatives ensure that those who are marginalized even by the digital revolution are served. They also pave the way for other financial players to come in. By operating in far-flung rural areas and serving communities unserved and underserved by the formal financial system, they open new frontiers, sharing the benefit of their "investments" – from social capital, financial literacy training, data and learnings. As facilitators of inclusive finance, it is apt that the NSFI open the window for MFIs, MBAs, and credit cooperatives to be given policy and other forms of support. Their work with the poor and the vulnerable, after all, is the heart and soul of financial inclusion.

# ANG MULING PAGSULONG



**Mr. Aristeo A. Dequito**

CARD MRI
Managing Director

Isang pagbati mula sa ating muling pagsulong! Hindi maikakaila na ating napagtagumpayan ang hamon na ating naranasan dulot ng pandemyang COVID-19 na nagbigay ng lubhang pagkatakot, pangamba, at epekto sa ating kalusugan. Ang mga epektong ito ay umabot sa iba't ibang parte ng ating bansa na naging dahilan upang malimitahan ang ating pagtulong at pag-unlad bilang isang pamilyang mamamayan.

Ang pagsulong na ito ay hindi naging madali para sa karamihan sapagkat sadyang mapinsala at malakas ang epekto ng pandemyang ito hindi lang sa bawat pamilya kundi pati na rin sa ating ekonomiya.

Sa kabila ng malalang epekto nito, mas pinagtibay natin ang ating pagkakapit-bisig sa CARD MRI na tulungan at abutin ang mga kamay ng ating mamamayan na nangangailangan ng tulong. Sa gitna ng pagsubok na ito, pinaigting ng ating samahan ang ating layunin na samahan ang bawat isa na pagtagumpayan ang hamon na ibinibigay sa atin ng buhay upang sa ating pagkakapit-bisig, sama-sama tayong susulong at uunlad bilang isang pamilya.

Upang maihatid natin ang serbisyo sa ating mga minamahal na kliyente, nagpatupad tayo ng iba't ibang *digital application* katulad ng konek2CARD, CARD chatbot at *social media platforms* na siyang naging daan upang patuloy na mapagtibay ang ating relasyon sa ating kliyente sa kabila ng pandemya na ating kinakaharap. Sa tulong ng konek2CARD, kapit-bisig nating napaabot ang ating mga serbisyong pampinansyal sa ating mga kliyente sa mas mabilis at madaling paraan. Kapit-bisig nating naipaaabot sa ating mga kliyente ang tulong gamit ang CARD chatbot na siyang naging daan upang mas mapalawak ang kanilang kakayahan na makakuha ng tulong lalo't higit sa kanilang pampinansyal na pangangailangan. Sa tulong naman ng ating *social media platforms*, patuloy tayong nakapaghahatid ng kwento ng ating mga kliyente na siyang nagbigay ng inspirasyon sa pag-unlad at pagsulong hindi lang sa ating samahan kundi na rin sa maraming tao.

Kasabay ng pagpapatupad ng ilang *digital transformation* sa ating samahan, patuloy nating naipamalas ang ating kahusayan sa iba't ibang larangan tungo sa pag-unlad. Pinagyabong natin ang ating mga kakayahan upang sa kabila ng mga hamon ng buhay ay patuloy tayong nakatindig at maipamalas ang integridad bilang mga kawani at miyembro kahit na sa panahon ng kagipitan. Tunay rin na naging epektibo ang ating pangangasiwa lalo't higit sa ating mga produkto at serbisyo dahil patuloy itong nagbibigay ng liwanag sa ating mga kliyente sa oras ng kadiliman. Kasabay nito ay nanatili tayong mapagpakumbaba sa lahat. Sa kabila ng mga pagbabagong naganap sa ating samahan, pinairal natin ang ating kasimplehan upang patuloy na magkaroon ng epektibong koneksyon sa ating mga kliyente.

Ang ating pagkakapit-bisig bilang isang pamilya ang siyang naging lakas ng bawat isa tungo sa ating pagsulong. Natutuhan natin na sa anumang uri ng sitwasyon, kung tayo ay nagkakapit-bisig, mapagtatagumpayan natin ang anumang hamon.

Kami, kasama ang CARD MRI ang magiging kasama ninyo sa pagsulong tungo sa tagumpay.

# KWENTONG TAGUMPAY

## ANG PINTIG NG PUSONG MASAYAHIN

*ni Lynfa Tan*



*Gamit ang dalubhasang mga kamay, mabilis na hinabi ni Nilda Lotino ang isang placemat mula sa abaka.*

Nang tanungin kung paano niya napapanatili ang kanyang batang itsura, simpleng paliwanag ng 65 anyos na si Nilda Lotino mula sa Pilar, Sorsogon, "Hindi ko hinayaang hilahin ako pababa ng aking mga problema. Palagi akong naniniwala na may solusyon sa bawat suliranin."

Karaniwang makikita ang abaka sa Pilar, Sorsogon. Sa murang edad, natuto na si Nilda sa paghahabi ng abaka kasama ang kanyang mga nakatatandang kapatid. Determinado siyang panatilihing buhay ang tradisyon at negosyo sa sarili niyang pamilya. Ipinasa niya ang pamamaraan at proseso ng paghabi sa kanyang pitong anak. Ngayon, naging bahagi na ito ng kanilang kabuhayan. Ang kanyang negosyo ay gumagawa ng mga bag, basket, at placemat.

Kung gaano siya kasaya sa paghabi bilang kanyang libangan, kinikilala ni Nilda na ang kanyang negosyo ay mahalaga rin upang bigyan ng kabuhayan ang kanyang mga tauhan. Nagbibigay ito sa kanya ng lakas upang ipagpatuloy ang pagbuo ng kanyang mga kasanayan.

Nakukuha rin niya ang suportang pinansyal mula sa isang institusyon na nagpapatibay sa kanyang negosyo. Siya ay kliyente ng CARD Bank sa loob ng 18 taon. Ang CARD Bank ay isang *microfinance-oriented rural bank* na nakatuon sa pagbibigay ng malawak na hanay ng mga produkto ng pautang na may abot-kayang interes at naaangkop na mga tuntunin sa pagbabayad ayon sa kanilang negosyo at pangangailangan ng pamilya ng kanilang mga kliyente.

Sa pamamagitan ng CARD Bank, nasusuportahan niya ang kanilang mga pangunahing pangangailangan at napalawak niya ang pinagkukunan ng kanilang kita. May-ari din siya ng maliit na sari-sari store. Mula sa kanyang PHP 3,000 na panimulang utang sa CARD Bank, siya ay kasalukuyang mayroong umiiral na loan na PHP 40,000.

Ang pagiging positibo ni Nilda sa buhay ay lubos na nagniningning hindi lamang sa kanyang pamilya kundi pati na rin sa kanyang komunidad. Sa kanyang optimistang pag-iisip, patuloy siyang naglalakbay sa buhay habang lumilikha ng makabuluhang buhay para sa mga taong nakapaligid sa kanya.

## PAGHULMA NG ISANG MAHUSAY NA BUKAS

*ni Lynfa Tan*



*Sina Felix at Catherine ay naniniwala na ang tiwala at pagtitiyaga ay susi sa tagumpay ng pagpapamilya, buhay, at negosyo.*

Natural na malikhanin, sinimulan ng mga Pilipino ang paggawa ng *ceramic pottery* 3,500 taon na ang nakalipas. Ang sining sa paggawa ng mga ito ay naipamana mula sa una hanggang sa bagong henerasyon at gumagamit ng iba't ibang materyales tulad ng luwad, semento, metal, at iba pa.

Sina Felix Lumahan at ang kaniyang asawang si Catherine ay gumagawa ng mga paso mula sa luwad at semento. Sila ay mula sa San Felipe, Koronadal City. Sa halagang PHP 1,000, sinimulan nila ang kanilang negosyo 15 taon na ang nakalipas. Hindi ito naging madali ang kanilang pagsisimula dahil sa limitado nilang kapital. Hindi nila kayang bumili ng maramihang *raw products* mula sa mga pabrika. Sa halip, sila ay bumibili ng mga may depektong paso na gawa sa luwad, isinasaayos ito gamit ang semento, at pinipintahan ng matitingkad na kulay upang gumawa ng mga bagong disenyo. Ang mga kakaibang pasong ito ay nakaakit ng mamimili sa kanilang lugar.

Hindi tulad ng maraming negosyo na lubos na naapektuhan ng pandemya, ang kanilang negosyo ay naging patok. Maraming indibidwal ang ginawang libangan ang paghahalaman noong ipinatupad ang *lockdown* at *work-from-home*. Dahil sa mataas na demand, mas tumaas pa ang kailangan nilang kapital sa negosyo.

Dito nakatulong ang CARD, Inc. sa kanila. Kumuha ang mag-asawa ng *business loan* sa CARD bilang pandagdag ng kapital sa kanilang negosyo. Nagbukas din sila ng maliit na tindahan upang pataasin pa ang kanilang kita. Sa tulong ng institusyon, natutuhan ng mag-asawa ang kahalagahan ng pag-iimpok at tamang paggamit ng kanilang *loan*. Binigyang-diin din ni Felix kung paano itinataguyod ng CARD ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pagbibigay nito ng serbisyo, "Ang CARD ay hindi na lamang ngayon para sa mga kababaihan, kundi ito ay para na sa lahat, sa kahit sinumang gustong makaahon sa kahirapan," pagbabahagi ni Felix.

Sa una ay nagbibigay lamang ang CARD, Inc. ng serbisyo sa *landless agricultural workers*, ngunit binago nito ang pokus sa pagpapalakas ng mga kababaihan. Ngayon, ang CARD, Inc. ay naghahatid na ng serbisyo sa mga lalaki at babaeng negosyante.

Mayroon mang pagkakataon na nahihirapan sila bilang pamilya at sa kanilang negosyo, ang kanilang mga gawang paso ay nagsisilbing inspirasyon sa kanila: ang mga basag na paso ay muling maisasaayos at magagawang kapaki-pakinabang.

Ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ay isang *social development institution* ng CARD MRI na naghahatid ng pampinansyal na produkto at serbisyo. Upang matutuhan pa ang tungkol sa kanilang serbisyo, bisitahin lamang ang kanilang Facebook page sa @CARDIncOfficial.

# PAGLAGO SA KABILA NG TAGTUYOT

*ni Lynfa Tan*




*Pinamamahalaan ni Emma ang kanilang dried fish store sa Calumpang market habang ang kanyang asawa ay nagtatrabaho sa paggawa ng iba't ibang klase ng tuyo.*

Ang ating karagatan ay mayaman sa yamang-dagat kung saan ginagawa itong kabuhayan ng karamihan kasama na ang mga gumagawa ng daing o tuyo. Ang tradisyonal na paggawa ng daing o tuyo noon ay gumagamit lamang ng hangin, sinag ng araw, at asin. Dahil sa abot-kayang presyo nito, ito ay naging paboritong ulam sa hapagkainan ng mga Pilipino.

Isa sa mga nagtitinda ng tuyo ay si Emma Luwague mula sa General Santos City. Pitong taon na siyang nagtitinda nito sa Calumpang Market na kilala bilang sentro ng bentahan ng iba't ibang klase ng daing sa probinsya.

Ang kaniyang asawa ay ang kaniyang partner sa negosyong ito. Habang si Emma ang nagtitinda ng iba't ibang klase ng daing tulad ng pandawan, barilison, pusit, sapsap, dilis, at balat ng bariles sa palengke, ang kaniyang asawa naman ang nagpoproseso ng paggawa ng tuyo mula sa mga sariwang isda. Lubos ang pagsusumikap ng mag-asawa upang matustusan ang pangangailangan ng kanilang tatlong anak.

Nakaranas ang mag-asawa ng maraming tagtuyot sa kanilang paglalakbay. Noong 2021, nasunog ang kanilang tirahan, tindahan, at *computer shop*. Lahat ng kanilang ari-arian ay nasunog. Nahirapan sina Emma sa muling pagbangon. Ngunit sa tulong ng CARD SME Bank, muli silang nagkaroon ng pag-asa at unti-unting makabawi.

Kliyente na si Emma ng CARD SME Bank sa loob ng 12 taon. Dahil dito, may akses si Emma sa mga produktong seguro mula sa CARD MRI Insurance Agency (CaMIA). Nakatulong ang ahensyang ito mula sa mga nawala sa kanila dahil sa sunog.

Nakatanggap siya ng PHP 10,000 mula sa kaniyang kinuhang Kabuklod Plan sa ahensya. Nakapaloob sa *insurance* na ito ang benepisyo sa *personal accident*, *funeral benefits*, at *fire cash assistance* na makukuha sa halagang PHP 500 kada taon. Nabigyan din sila ng karagdagang PHP 30,000 bilang kanilang *claims payment* mula sa kaniyang SAGIP Plan. Ang SAGIP Plan ay isang *family insurance package* na may tatlong *insurance benefits* sa halagang PHP 2,000. Mayroon itong ibinibigay na benepisyo sa *personal accident*, *funeral benefits*, at mga pagkasira ng ari-arian dulot ng sunog at mga natural na kalamidad tulad ng bagyo, pagbaha, at lindol. Ginamit ni Emma ang benepisyong kaniyang nakuha upang muling makabangon ang kanyang pamilya mula sa trahedya.

Lubos din ang pasasalamat ni Emma dahil sa gitna ng lahat ng unos na ito, nananatili pa rin ang kanilang negosyo. Ngunit ito ay nangangailangan ng mas malakihang kapital. Sa ngayon, si Emma ay mayroong *loan* sa CARD SME Bank na PHP 150,000 at ito ang kaniyang ginagamit sa kaniyang negosyo. Mayroon din siyang produktong dayok o *fish paste*, isang *fermented fish* na naaprubahan na rin ng Department of Trade and Industry (DTI).

Naniniwala si Emma na unti-unting mababawi ng kanyang pamilya ang lahat ng nawala sa kanila. Sa dulo, ang mga sakripisyo nila ay magbubunga sa dulo.

# LAKAS NG ISANG BABAE

*ni Lynfa Tan*



*Sa kabila ng maraming pagsubok sa buhay, nagpasya si Airene Digno mula sa isla ng Boracay na harapin ang buhay nang may tapang. Isang miyembro ng CARD Bank, nagtayo siya ng sarili niyang maliit na tindahan matapos maapektuhan ng COVID-19 ang dati niyang trabaho at malaman ang kalagayan ng kanyang kalusugan.*

Maaaring isipin ng iba na ang pagiging matapang ay nangangahulugan ng kawalan ng takot. Ang katotohanan, ang mga taong matapang ay ang mga taong may takot subalit may kahandaan itong harapin. Sa edad na 37, marami nang naranasang pasubok si Airene Digno sa kanyang buhay.

Nagmula siya sa isla ng Boracay sa probinsya ng Aklan. Siya ay ina ng limang anak at kaniyang dating trabaho ay isang *therapist*. Karaniwan sa mga trabahong nauugnay sa turismo ay naapektuhan ng pandemyang COVID-19. Ang mas madalang na turistang bumibisita sa isla ay katumbas ng mas mababang kita para sa isang *therapist*.

Ito rin ang panahon na nalaman niyang may sakit siya sa puso. Naubos ang ipon ng kanilang pamilya sapagkat ilang buwan siyang nasa ospital upang magpagamot. Sa puntong ito, marami ang nawawalan ng pag-asa subalit nilakasan pa rin ni Airene ang kanyang loob.

Binago niya ang kwento ng kanyang buhay at nagdesisyong tukuyin ang sariling kapalaran. Naging kliyente siya ng CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI. Nanghiram si Airene ng salapi sa CARD Bank at ginamit ito bilang puhunan upang magsimula ng sarili niyang sari-sari store. Ngayon, ang tindahan na ito ay siyang pinagkukunan ng araw-araw na gastusin ng kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng CARD Bank, nalaman din ni Airene kung paano gamitin at pangasiwaan ang badyet ng kanilang pamilya nang mahusay at epektibo.

Ang pagiging miyembro ng CARD Bank ay talagang malaking tulong para sa kanya at sa kanyang pamilya sa pagsuporta sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Ang kanyang sitwasyon sa buhay at kondisyon sa kalusugan ay hindi naging hadlang upang mapalakas ang kanyang sarili at makagawa ng paraan upang makaahon mula sa kahirapan. Ang mga produktong inaalok ng CARD Bank tulad ng *loan* at *savings* ay nakatulong hindi lamang sa pag-unlad ng kanyang negosyo kundi pati na rin sa pag-aaral ng kanyang mga anak.

Ayon kay Airene, "Kailangan nating yakapin ang ating mga kahinaan at mga hamon sa buhay sapagkat ito ang maghahatid sa atin patungo sa ating mga pangarap. Mahalagang maging mas matatag at malakas ang ating loob sa harap ng mga pagsubok."

SCAM ALERT

Beware of ONLINE SCAMS!

**Please disregard any offers from FB Accounts claiming to be konek2CARD Agents. We will never ask you to transfer or deposit money in exchange for processing your konek2CARD registration, loans or opening a savings account.**

For your safety, only send your online inquiries to the official Facebook Page of konek2CARD and transact with you Account Officers

# PAGMAMANEHO NG BUHAY

*ni Chin Sanigan*



*Si Liza Ganabol, 43, ay nagmamaneho ng traysikel ng kaniyang namayapang asawa sa bayan ng Pola sa Oriental Mindoro upang maitaguyod ang kaniyang pamilya.*

Naghahari ang mga bus, jeep, at traysikel sa ating lansangan at kadalasang mga kalalakihan ang nagmamaneho nito, samantala ang mga kababaihan ay kadalasang nasa pampasaherong upuan lamang. Gayunpaman, may isang babae sa bayan ng Pola, Oriental Mindoro ang naglakas-loob na humawak ng manibela, na siyang nag-iisang babaeng nagmamaneho ng pampasadang traysikel sa kanilang barangay.

Sa likod ng lakas na ipinapakita ni Liza Ganabol ay isa ring kwento ng kahinaan. Nang masuri na mayroong diabetes taong 2001, kinailangan ni Liza na humanap ng paraan upang maibigay ang kinakailangang gamutan ng kaniyang asawa. Ilang taon ay si Liza na ang nagmaneho ng traysikel ng kaniyang asawa sa tuwing dadalhin niya ang kaniyang asawa sa ospital para sa lingguhang *insulin medication* nito. Pilit niyang binalanse ang oras niya sa pag-aalaga sa kaniyang asawa, sa kaniyang mga anak, at ang kaniyang trabaho sa kanilang sakahan.

Matapos ang dalawang dekadang paglaban ay pumanaw na ang kaniyang asawa noong Setyembre 2021. Mula noon, siya na ang nagmanibela ng kanilang buhay.

Nang magsimula siyang tumayo bilang padre de pamilya, lakas-loob niyang iminaneho ang kanilang traysikel sa bayan ng Pola. Sa gitna ng mga pagsubok na ito, pinanghinaan din siya ng loob. Mabuti na lamang at nagging katuwang niya ang CARD MRI upang magsilbing gasolina at magpatuloy sa pag-arangkada ng buhay.

Bilang miyembro ng CARD Bank, awtomatikong naging miyembro si Liza ng CARD MBA. Nang mamatay ang kaniyang asawa, nakatanggap siya ng PHP 70,000 mula sa Asosasyon na nakatulong upang makapagsimula ulit ang kanilang pamilya. Mula sa natanggap na *insurance claims*, nakatulong din ito upang mabayaran ang lumobong matrikula ng kaniyang mga anak sa paaralan dahil sa napunta ang kanilang pera sa medikasyon ng kaniyang yumaong asawa.

Nagpapatuloy si Liza na maglalakbay ang traysikel ni Liza sa buong bayan ng Pola kasama ang CARD MRI.

